GRADE IV

# MGA UNANG PILIPINO



## ALAMIN MO

Bilang isang batang Pilipino, may pagkakataon ba sa iyong buhay na naisip mo kung saang lahi ka nagmula? Di lamang ikaw, kundi pati na ang lahat ng mga Pilipino. Bilang isang lahi, saan kaya tayo nanggaling?

Sa modyul na ito babalikan mo ang nagdaang panahon. Matutukoy mo ang itinuturing na unang Pilipino. Masasabi mo ang pinanggalingan ng mga unang Pilipino. Handa ka na ba?



## PAG-ARALAN MO


Bago ka magsimula ng pag-aaral tungkol sa mga unang Pilipino, pag-isipan mo muna ang mga sumusunod na tanong:

- *Sino kaya ang mga unang Pilipino?*
- *Ano-ano kaya ang kanilang mga katangiang pisikal?*
- *Saan kaya nanggaling ang mga unang Pilipino?*

Sumandali kang mag-isip ng iyong mga hinuha sa mga tanong sa itaas.




Suriin mo ang larawan.  Ano ang masasabi mo?



Walang mapagtitiwalaang mga kasulatan tungkol sa pinagmulan ng Pilipinas, tulad din ng pinagmulan ng mga sinaunang tao sa bansa.  Nagkaroon lamang ng mga kaalaman tungkol dito sa pamamagitan ng pananaliksik sa mga lumang kasulatan na iniulat ng mga siyentistang ito tungkol sa pinagmulan ng mga Pilipino.  Isa sa mga ito ay nag-ulat na ang Pilipinas ay tinirhan ng mga Taong Tabon na kahawig ng mga Taong Java.  Namuhay sila may 250,000 taon na ang nakalipas.  Gumamit sila ng bato bilang kasangkapan sa pagkuha ng pagkain.

Ngayon, tingnan mong mabuti ang mga larawan sa ibaba. Ano ang mapapansin mo sa mga ninunong nanirahan sa ating bansa?





Isang Amerikanong dalubhasa sa arkeolohiya, si Dr. H. Otley Beyer ang nag-ulat na tatlong pangkat ng mga tao ang dumating sa Pilipinas. Nagbuhat sila sa iba't ibang panig ng Asya. Sila ay ang mga Ita, Indones at Malay.

Suriin ang tsart sa ibaba. Pag-aralan mong mabuti ang mga gabay na tanong at ang mga sagot dito.

| GABAY NA TANONG | ITA | INDONES | MALAY |
|---|---|---|---|
| Paano sila dumating? | Sa pamamagitan ng lupang tulay | Lulan sila ng mga bangka<br><br>Dalawang pangkat sila | Lulan din sila ng mga bangka<br><br>Tatlong pangkat sila – ang ikatlong pangkat ay dumating sakay ng bangkang tinawag na Balangay |
| Saan sila nanggaling? | | Unang pangkat – Timog Silangang Asia<br><br>Ikalawang pangkat – Katimugang China at Indochina | Unang pangkat – Kanlurang Borneo |
| Ano ang kanilang anyo? | Taas na apat na talampakan, maitim ang balat, pango ang ilong, makakapal ang labi, kulot ang itim na buhok. | Unang pangkat – kayumanggi ang kutis, matatangkad, balingkinitan ang katawan, maninipis ang labi, matatangos ang ilong, malalalim ang mata, hapis ang mukha<br><br>Ikalawang pangkat – maiitim pango ang ilong, makakapal ang labi, maliit at matipuno | |



| | | | |
|---|---|---|---|
| Saan matatagpuan ang pinag-apuhan? | Kabundukan ng Luzon, Mindanao, Panay, Mindoro at Palawan | Tribu ng Cordillera, Tagbanua sa Palawan, katutubong tribu sa Mindanao | Unang pangkat – Bontoc, Ilonggot at Kalinga<br><br>Ikalawang pangkat – Visayas, Bicol, Pampanga, Katagalugan<br><br>Ikatlong pangkat – mga Muslim sa Mindanao |

Ngayon balikan mo ang iyong ginawang hinuha upang mapagtibay ang kawastuhan nito.

## PAGSANAYAN MO

Tingnan kung natatandaan mo ang mga kaalamang nabasa.
Sagutin ang mga tanong sa iyong kwadernong sagutan.

Sagutin:

1. Sino ang mga taong Tabon?
2. Paano nagkaroon ng kaalaman tungkol sa mga unang Pilipino ang mga tao sa kasalukuyang panahon?
3. Sino si Dr. H. Otley Bayer?
4. Ayon sa teorya, ano-anong pangkat ng mga tao ang dumating noon sa Pilipinas?

5. Saan sila nanggaling?
6. Paano sila nakarating sa Pilipinas?
7. Humarap ka sa salamin. Sino kaya sa kanila ang ninuno mo? Bakit?

## TANDAAN MO

- *Ayon sa teorya ng mga siyentista may tatlong pangkat na tao ang dumating mula sa iba't ibang panig ng Asia. Ang mga ito ay ang Ita, Indones at Malay. Sila ang mga unang Pilipino.*

- *Dumating ang mga taong ito sa ating bansa sa pamamagitan ng lupang tulay at mga bangka.*

- *Ang mga ito ang naging ninuno nating mga Pilipino.*

## ISAPUSO MO


Sagutin mo nang buong katapatan ang mga tanong sa ibaba. Isulat sa kwadernong sagutan ang iyong pangangatwiran.


A. Balikan mo sandali ang mga tala ng nakalipas nating kasaysayan. Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon na makapili ng magiging pinuno, sino ang iyong pipiliin? Bakit? Anong katangian ang nais mong taglayin? Alin sa mga ito ang karapat-dapat ipagmalaki sa ibang pangkat?


B. Kung ikaw ay isang arkeologo, ano-ano pa ang tutuklasin mo tungkol sa mga unang Pilipino? Bakit?


## GAWIN MO

A. Gupitin ang mga anyo ng tao na matatagpuan (sa pahina 3) at larawan ng kasuotan. Idikit ang mga anyo ng tao sa karton. Gupitin. Mayroon ka nang manika ng mga unang ninuno.









B. Subukin mong awitin ang sumusunod sa himig ng “Kanlungan”.

Pana-panahon ang pagkakataon
Balik-balikan ang kahapon
Unang Pilipino noon,
Kasaysayan sa atin ngayon.

Lumilipas ang panahon
Bawat saglit huwag itapon – 2x



**SAGUTIN MO**

Gawin mo ang pagtataya upang masukat mo ang iyong natutuhan. Isulat mo ang sagot sa iyong kwadernong sagutan.

A. Piliin ang titik sa hanay B, na kaugnay ng nasa Hanay A.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Malaking bangka na sinakyan ng mga Malay nang magpunta sa Pilipinas | a. arkeologo |
| 2. Nag-aaral ng mga bagay na may kaugnayan sa mga tao noong unang panahon | b. balangay |
| 3. Unang nanahan sa Pilipinas | c. lupang tulay |
| 4. Dumating sa Pilipinas mula sa kalupaang Asia | d. Taong Tabon |
| 5. Sa pamamagitan nito dumating ang mga Ita sa ating bansa | e. Ita, Indones, Malay |
| 6. Dalawang pangkat na dumating sa Pilipinas noong unang panahon | f. Malay |
| 7. Ikalawang pangkat ng mga taong dumating sa Pilipinas noon | g. Ikalawang pangkat ng mga Indones |
| 8. Nagmula sa Katimugang China at Indochina | h. Indones |
| 9. May taas na apat na talampakan lamang | i. Ikalawang pangkat ng Malay |
| 10. Ninuno ng mga Muslim sa Mindanao | j. Ita |



B. Piliin ang tamang sagot.

1. Ayon kay Dr. Otley Beyer, alin sa mga sumusunod ang pangkat ng mga taong unang dumating sa Pilipinas?
   - A. Ita
   - B. Indones
   - C. Tsino
   - D. Malay

2. Sinasabing may natagpuang bungo at buto ng mga tao sa yungib ng Tabon sa Palawan. Sila ay ang mga _____.
   - A. Taong Java
   - B. Taong Tabon
   - C. Taong Peking
   - D. Taong bundok

3. Ang unang pangkat ng mga taong dumating sa Pilipinas ay ang mga _____
   - A. Bicolano
   - B. Muslim
   - C. Tagalog
   - D. Ita

4. Nakarating ang mga Ita dito sa pamamagitan ng _____.
   - A. lupang tulay
   - B. eroplano
   - C. bus
   - D. tren

5. Ang mga Ita ay may taas na _____.
   - A. 5 talampakan
   - B. 4 talampakan
   - C. 2 talampakan
   - D. 6 talampakan

6. Ang pinag-apuhan ng mga Ita ay matatagpuan sa mga sumusunod na kabundukan maliban sa isa. Alin ito?
   - A. Panay
   - B. Palawan
   - C. Mindoro
   - D. Bulacan

7. Ang ikatlong pangkat ng mga taong dumating sa Pilipinas ay ang mga _____.
    A. Malay
    B. Ita
    C. Indones
    D. Intsik

8. May dalawang pangkat ng mga Indones na dumating sa Pilipinas. Ito ay _____.
    A. Di alam
    B. Walang katiyakan
    C. Di-totoo
    D. Totoo

9. Alin ang kahawig ng mga Taong Tabon?
    A. Taong Mongol
    B. Taong Java
    C. Taong lupa
    D. Taong Bato

10. Alin ang naglalarawan sa anyo ng Malay?
    A. Pandak
    B. Maitim ang balat
    C. Matangos ang ilong
    D. Katamtaman ang taas.

C. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang pagkakaiba ng mga unang Pilipino sa isa't isa?


2. Saan nagmula ang mga Indones?

3. Saan makikita ang mga pinag-apuhan ng mga:

    a. Ita? ____________________________________________
    b. Indones? _______________________________________
    c. Malay? _________________________________________

KARAGDAGANG GAWAIN

Magdaos ng “survey” sa pamayanan. Magtala ng pangalan ng taong may bakas ng lahi ng ating mga ninuno. Ilahad ito sa klase.



Maaari mo nang simulan ang kasunod na modyul.